Maliwanag na sa Laoag



"Maghanap tayo ng bagong tirahan. Sinira ng delubyo ang kweba natin," malungkot na usal ng matanda sa mga kasama.

Sa paghahanap ng matitirahan, napadpad sila sa madilim na gubat. Maraming malalaki at matataas na puno. Makakapal ang mga halaman na nagpadilim sa lugar. Maraming hayop ang gumagala doon.

"Dito na tayo manirahan," ang sabi uli ng matanda.

"Opo, Apo," ang sagot ng kanyang mga kasama.

Inumpisahan na nilang linisin ang lugar. Pinutol ang mga sanga ng mga puno. Tinanggal ang mga baging na nagpapadilim dito.

“Pagtiyagaan nating ayusin at pagandahin ito.”

Unti-unti nilang nabago ang lugar. Makalipas ang ilang buwan, napaganda nila ito kaya naman masayang-masaya sila. Maging ang mga naglipanang mga hayop ay lumayo at ang iba ay kanilang naging alaga.

Sa wakas, nasilayan na nila ang haring araw. “Ah, maliwanag na!” sigaw ng masasayang tao.

Mula noon, tinawag nila ang lugar na ‘LAWAG o LAOAG,” na ibig sabihi’y liwanag.

Sa ngayon, ang Laoag ay isang maunlad na lungsod. Maliwanag at patuloy ang pag-asenso dahil sa mga taong nakatira at may malasakit sa lugar.